Mga Usapin Sa Kiko, Camarin
Circular 2009-07

Mga Minamahal Kong Bayan ng Diyos sa Parokya ng Epiphany sa Kiko, Camarin:

Narinig ko ang bawat panig sa usapin ng Basketball Court sa Patio ng inyong Simbahan noong 23 ng Marso 2009. Nag-usap-usap kayo bilang isang Sambayanan sa harap ko kasama ng kapulisan at ng kinatawan ni Mayor Echeverri.

Kalakip rin sa usaping ito ay ang pagpapabakod sa lote na kinatitirikan ng Simbahan, pati na ng Patio na duon din ang nasabing palaruan.

Ganda ng kasaysayan ng lote at ng patio na pinangangalagaan ngayon ng Simbahang Katolika sa Kiko, Camarin. Lahat kayo ay kasama sa kasaysayang ito. Katulad ng lahat, pati ang Simbahan, ay tagapangalaga lamang, hindi nagmamay-ari ng lupa sa Camarin.

Noong naging Parokya ang dating Kapilya sa Kiko noong 19 October 1997 sa pahintulot ng nasirang Cardinal Jaime L. Sin, Arsobispo ng Maynila, pumayag kayong lahat na pumailalim at maalagaan ng Simbahang Katoliko Romano. Itong pangangalaga ay inako at inaako pa ng Simbahan sa kapakanan ng lahat.

Sa lahat ng bagay ang kapakanan ng lahat ang ipina-iiral, hindi ayon sa dami ng bilang ng kampi o sa lakas ng sigaw ng mga tao, kundi sa mabuting pag-uusap. Sa ating pag-uusap di tayo nagtalo na kailangan ang palaruan. Ngunit dapat ba na pagsamahin ang palaruan at ang Bahay Dalanginan? Pag pinagsama ang dalawa laging may isang masasakripisyo: ang pustahan sa laro o ang katahimikan ng dalanginan. Kaya di bagay ang basketball sa lugar dalanginan.

Pagka't ang bahay ay laging nakatirik sa lote, tulad ng isang mabuting tagapangalaga, dapat lang niya itong bakuran. Kung ang mga Bahay sa Camarin ay walang bakod ito ay sapagkat sinakop na ng bahay ang buong lote at ang pader ng bahay ay siya na ring bakod. Bakit kaya ang Simbahan lang ang may bakanteng lugar bago pumasok sa Bahay Dalanginan? Para pagpasok natin sa Simbahan ay may ilang hakbang pa, maski ilang sandali pang paghahanda, bago pumasok ang ibig makikipag-usap kay Hesus sa Bahay dalanginan. Iyan ang dahilan kung bakit may patio ang Simbahan. Kung gugustuhin lang ng lahat, bawat bahay ay may kahit na munting hardin din sa paligid bago pumasok sa loob ng bahay. Kaya tulad ng hardin sa bahay,

ang Bahay dalanginan ay dapat may patio din na dapat bakuran tulad ng lahat ng lugar ninyo na kasalukuyang ginagamit.

Sa pagtatapos, ibig kong mag-paalala sa inyong lahat tungkol sa pag-alaga sa inyong mga pari. Maraming hirap at sakit mula pa sa simula ang dinanas ng inyong mga pari dito. Si Fr. Stan ay sumakabilang-buhay na at bago siya namatay ay umalis sa pagkapari at nag-muslim na imam. Bakit kaya? Wala kaya kayong kinalaman sa kanyang sinapit? Si Fr. Pong ay nagbitiw sa kanyang pagkukura sa inyo dahil pagod na raw siya at gusto niyang mamahinga muna. Wala rin kaya kayong kinalaman sa kanyang pagbibitiw? Pinapadala ko uli si Fr. Aris sa inyo para subukan pa kung marunong nga ba kayong mag-alaga ng inyong pari. Sana huwag na tayong magkulang pa ngayon!

Ipinabababa ng Obispo ng Novaliches, itong ika-4 ng Mayo sa Taon ng Ating Panginoon, 2009.

Most Rev. Antonio R. Tobias, DD
Obispo

Attested by:

Rev. Fr. Jerome U. Rosalinda
Chancellor